Manatili kayo sa katapatan sapagkat tunay na ang katapatan ay pumapatnubay tungo sa pagsasamabuting-loob at tunay na ang pagsasamabuting-loob ay pumapatnubay tungo sa Paraiso

Ayon kay `Abdullāh bin Mas`ūd (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Manatili kayo sa katapatan sapagkat tunay na ang katapatan ay pumapatnubay tungo sa pagsasamabuting-loob at tunay na ang pagsasamabuting-loob ay pumapatnubay tungo sa Paraiso. Hindi natitigil ang tao na nagpapakatapat at naghahangad ng katapatan hanggang sa itala siya sa ganang kay Allāh bilang napakatapat. Kaingat kayo sa pagsisinungaling sapagkat tunay na ang pagsisinungaling ay pumapatnubay tungo sa pagsasamasamang-loob at tunay na ang pagsasamasamang-loob ay pumapatnubay tungo sa Impiyerno. Hindi natitigil ang tao na nagsisinungaling at naghahangad ng kasinungalingan hanggang sa itala siya sa ganang kay Allāh bilang palasinungaling."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nag-utos ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng pagpapakatapat. Nagpabatid siya na ang pananatili rito ay nagpaparating sa maayos na permanenteng gawa at ang nagtitiyaga sa paggawa ng kabutihan ay nagpaparating sa tagagawa nito sa Paraiso. Hindi natitigil na nauulit-ulit sa kanya ang pagpapakatapat nang palihim at hayagan. Nagiging karapat-dapat siya sa katawagang napakatapat, na pagpapalabis sa pagpapakatapat. Pagkatapos nagbigay-babala ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa kasinungalingan at pagsasabi ng kabulaanan dahil ito ay pumupukaw sa pagkiling palayo sa pagpapakatuwid at tungo sa paggawa ng kasamaan, katiwalian, at mga pagsuway, pagkatapos magpaparating sa kanya sa Impiyerno. Hindi siya tumigil na nagpaparami ng kasinungalingan hanggang sa itala siya sa ganang kay Allāh na kabilang sa mga sinungaling.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/5504